H
E
K
A
S
I

6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# PAGPAPAHALAGA NG MGA PILIPINO

Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE VI

# PAGPAPAHALAGA NG MGA PILIPINO

## ALAMIN MO

Madalas nating naririnig ang awiting “Bayan Ko”. Subalit maaring hindi natin pinag-uukulan ng pansin ang kahulugan ng mga salita. Basahin mo ito. Napapaloob sa awiting ito ang ilang pagpapahalaga ng mga Pilipino. Anu-anong pagpapahalaga ang isinasaad sa awitin?

“Ibon mang may layang lumipad,
Kulungin mo at umiiyak
Bayan pa kayang sakdal dilag
Ang di magnasang makaalpas
Pilipinas kong minumutya
Pugad ng luha ko’t dalita
Aking adhika
Makita kang sakdal laya.”

Sa araling ito, matutuhan mo ang mga bagay na pinahahalagahan nating mga Pilipino. Halika, alamin mo!

Suriing mabuti ang mga larawan.

A B



Ano ang iniisip ng lalaki sa larawan A? sa larawan B?

- Magkatulad ba sila ng nais bilhin?
- Ang lalaki sa Larawan A ay nag-iisip na pagkain ang kanyang bibilhin. Para sa kanya ito ay mahalaga kaya ito ang una niyang naiisip?
- Ano naman ang iniisip ng lalake sa Larawan B? Para sa lalaking ito, alin ang higit na mahalaga, pagkain o bahay? Bakit?

Sa mga larawang ito, maliwanag na ipinahihiwatig na magkaiba ang pagpapahalaga ng dalawang lalaki.

Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit magkaiba sila ng pagpapahalaga?

Alam mo ba kung ano ang pagpapahalaga?

Magpatuloy ka sa pag-aaral.



## PAG-ARALAN MO

Basahin at pag-aralan mo ang bawat sitwasyon.

Ang bawat tao ay may kani-kaniyang pagpapahalaga sa buhay.
Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na halimbawa:

a) May mga taong nais magtapos muna ng pag-aaral bago magtrabaho. Ang iba naman ay trabaho agad kahit hindi pa tapos sa pag-aaral.

   - Bakit kaya nagtatapos muna ng pag-aaral ang iba bago magtrabaho? Ano ang mahalaga sa kanya?

   - Bakit kaya ang iba naman ay hindi na nagtatapos ng pag-aaral at nagtatrabaho na agad? Ano ang higit na mahalaga sa kanya?

Ang sitwasyon A ay nagpapakita ng dalawang taong magkaiba ang pinaniniwalaan.



Ang una ay naniniwala na mas mahalaga ang pag-aaral o edukasyon.

Dahil mahalaga ang edukasyon, nagsisikap siya na makapagtapos, naniniwala siya na madaling makakahanap ng trabaho ang taong tapos ng pag-aaral. Para sa kanya ito ay mahalaga at dapat ingatan.

Para naman sa ikalawa higit niyang pinahahalagahan ang pagtatrabaho. Marahil, naniniwala siya na maaari niyang makamit ang mga bagay na gusto niya kung siya ay may trabaho.

Basahin ang sumusunod at sabihin kung ano ang pinahahalagahan.

b) May taong gustong mamasyal sa magagandang pook. Ang iba naman ay nasisiyahan na lamang manood ng magagandang pook sa telebisyon.
   - Ano kaya ang pinahahalagahan ng taong mahilig mamasyal?
   - Bakit kaya ang iba ay nasisiyahan na nasa bahay na lamang?

c) May taong mahalaga ang tumulong sa kapwa. Ang iba naman ay hindi pinapansin ang mga nangangailangan.
   - Alin sa kanila ang may pagpapahalaga? Bakit?
   - Alin ang walang pagpapahalaga? Bakit?

Suriin mo ito at sagutin sa iyong kuwaderno.

A B



Ano ang ginagawa ng mga tao sa Larawan A? Sa inyong palagay, ano ang mahalaga sa kanila? Larawan B?

C D




Ano ang ipinakikita ng mga larawan C at D?

Alin sa dalawang larawan ang nagpapakita ng may magandang pagpapahalaga ang mga tao; ang C ba o D? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

## PAGSANAYAN MO

1. Maglaro ng "Rank Order".
    a) Kumuha ng 3 bagay sa loob ng bag o bulsa.
    b) Isulat sa bilang 1 ang pangalan ng pinakamahalagang bagay para sa iyo; sa bilang 2 ang susunod na mahalaga; at sa bilang 3 ang hindi gaanong mahalaga. Ipaliwanag ang dahilan kung bakit mo sila inayos ng 1,2,3.


2. Basahin ito, tukuyin ang bagay na pinahahalagahan sa bawat pangungusap.
    a) Hindi baling mahirapang magbanat ng buto para may makain huwag lamang kumain ng galing sa nakaw.
    b) Kahit hindi makatapos ng pag-aaral ang mga anak, basta maraming anak.
    c) Hindi baleng magbigay palagi ng abuloy huwag lamang ikaw ang aabuluyan.
    d) Hindi baleng maliit ang lupa't bahay basta sarili naman.

e) Kahit na anong uri ng relihiyon ang mahalaga ay naniniwala sa Diyos.
f) Kahit na hindi umasenso, huwag lamang magkakalayo ang mag-anak.

3. Basahin.

“Huwarang Pamilya ng Taon” ang mag-asawang Pedro at Nelia Cruz. Natanggap nila ang karangalang ito dahil sa magandang pag-uugali at pakikisama nila sa bawat isa at sa kapwa. Palagi silang nagbibigay ng tulong sa simbahan at sa mga nangangailangan. Naiimbitahan sa mga pagpupulong upang magbigay ng lektura. Hindi sila nakalilimot sa Diyos. Iniiwasan ang masasamang gawain o bisyo ng lipunan. Iginagalang at minamahal sila sa kanilang lugar dahil sa kanilang katapatan at pantay na pagtingin sa kapwa. Katulad nila, naging matagumpay din sa kabuhayan ang kanilang dalawang anak dahil sa nakatapos sila sa pag-aaral.

a) Sino ang tinaguriang “Huwarang Pamilya ng Taon”?
b) Bakit sila pinarangalan?
c) Anu-anong bagay ang kanilang pinahahalagahan?
d) Tama ba ang kanilang ginagawang pagpapahalaga? Bakit?



## TANDAAN MO

- Ang pagpapahalaga ay pagbibigay kabuluhan sa mga bagay na mahalaga o mahal sa atin.

- Bawat pangkat ng tao ay may mga pagpapahalaga. Isa ito sa mga bagay na nagbubuklod sa isang pangkat. Ang mga Pilipino ay may mga magkakatulad na pagpapahalaga.

## ISAPUSO MO

1. Ipalagay na pagkakalooban kayo ng parangal katulad nina Pedro at Nelia Cruz, paano mo pahahalagahan iyon?

2. Halimbawa ikaw ay kapitbahay nina Pedro at Nelia Cruz, ano ang gagawin mo? Bakit?



## GAWIN MO

Narito ang tatlong salawikain. Basahing mong mabuti, pumili ng isa sa mga salawikain at ipaliwanag mo. Gawin mo ito sa iyong kuwadernong sagutan.

a. Kung may isinuksok, may madudukot
b. Maganda ang kinabukasan kung may pinag-aralan
c. Ang pagsasabi ng tapat ay pagsasama ng maluwag



## PAGTATAYA

A. Lagyan ng tsek ( ✓) ang kolum na naayon sa iyong pagpapahalaga.

| Mga Pagpapahalaga | Napakahalaga | Hindi Gaanong Mahalaga | Mahalaga |
|---|---|---|---|
| 1. Katalinuhan | | | |
| 2. Kayamanan | | | |
| 3. Kalusugan | | | |
| 4. Kaibigan | | | |
| 5. Kagandahan | | | |


B. Gumawa ng hagdan at isulat sa baitang ang sumusunod nang naaayon sa iyong pagpapahalaga. Ilagay sa bilang 5 ang pinakamahalaga, bilang 4 ang susunod na mahalaga, bilang 3 ang pangatlong mahalaga; bilang 2 ang pang-apat na mahalaga; bilang 1 ang hindi gaanong mahalaga.

Lagyan ng paliwanag ang sagot.

- Edukasyon
- Pamilya
- Kaibigan
- Magagandang damit
- Maraming pera

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Kapanayamin mo ang iyong mga kasambahay. Itanong sa kanila kung ano ang bagay na kanilang pinahahalagahan. Ipasabi mo rin ang dahilan ng kanilang pagpapahalaga. Isulat mo ito sa iyong kuwadernong sagutan.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.